Mensahe Pito

## Pagkilala kay Jehovah, ang Walang Hanggang Diyos, sa Kanyang Kagandahang-loob, mga Kahabagan, at Katapatan

Babasahin sa Kasulatan: Jer. 2:19; 10:10a; 11:20; 20:12; Panag. 3:22-25; 5:19

**I. Madalas tawagin ni Jeremias ang Diyos bilang Jehovah ng mga hukbo–Jer. 2:19; 5:14; 6:9; 7:21; 9:7, 15, 17; 11:17; 20:12:**

A. "[Si Jehovah] ang tunay na Diyos; / Siya ang buháy na Diyos at ang walang hanggang Hari–10:10a

1. Ang *Jehovah* ay nangangahulugang "Ako yaong Ako nga," nagpapahiwatig na si Jehovah ang walang hanggang Isa, ang Isa na nasa nakaraan, na nasa kasalukuyan, at yaong darating sa hinaharap magpakailanman–Exo. 3:14; Apoc. 1:4:
   a. Si Jehovah ang sariling-umiiral at magpakailanmang umiiral na Diyos; ang Isang ito ay umiiral magpasawalang-hanggan, walang simula ni katapusan–Exo. 3:14.
   b. Tumutukoy ang *Ako nga* sa Isa na ang pag-iral ay hindi nakadepende sa anuman maliban sa Kanyang sarili–Juan 8:24, 28, 58.
2. Si Jehovah lamang ang Isa na Siya nga, at dapat tayong sumampalatayang Siya nga–Heb. 11:6.
3. Bilang ang Ako nga, si Jehovah ang nagpapaloob ng lahat na Isa, ang realidad ng bawat positibong bagay at ng anumang kailangan ng Kanyang bayan–Juan 6:35; 8:12; 10:14; 11:25; 14:6.
4. Hiwalay kay Jehovah, ang lahat ay walang anuman; Siya lamang ang Isa na Siya nga, ang tanging Isa na may realidad ng pagiging–Heb. 11:6

B. "O [Jehovah] ng mga hukbo, na humahatol nang matuwid / Na sumusubok sa mga panloob na bahagi at ng puso"–Jer. 11:20:

1. Ang titulong *Jehovah ng mga hukbo* ay nagpapahiwatig na si Jehovahng Diyos ay ang Makapangyarihang Isa, ang Panginoon ng lahat ng makalangit na hukbo, ang Pinuno ng lahat ng hukbo–20:12; 30:8; 48:1; 50:18; 1 Hari 22:19.
2. Si Jehovah ng mga hukbo ay ang Hari ng kaluwalhatian, ang Isa na malakas at makapangyarihan; Siya si Jehovah ng mga hukbo–Awit 24:8, 10.
3. Ang Hari ng kaluwalhatian, si Jehovah ng mga hukbo, ay ang napasukdol na Tres-unong Diyos na isinakatawan sa matagumpay at darating na Kristo.
4. Bilang ang nagkatawang-tao, naipako, at nabuhay na muling Kristo, ang Hari ng kaluwalhatian ay darating upang angkinin ang lupa at kunin ito bilang Kanyang kaharian:
   a. Pinahinto ni Jehovah ng mga hukbo ang mga digmaan hanggang sa dulo ng lupa; Siya ay itataas sa mga bansa, at Siya ay itataas sa lupa–46:9-10.
   b. Si Jehovah ng mga hukbo ay may awtoridad na mamuno sa lahat ng bansa at hawak ng Kanyang kamay ang awtoridad upang mag-alis ng mga hari at magtalaga ng mga hari–Dan. 2:21.
5. Sa panahon nang ang pagkasaserdote ay naging salat, inihayag ng Diyos ang Kanyang pangalan bilang Jehovah ng mga hukbo, nagpapahiwatig na kapag ang Kanyang

administrasyon ay nasa gayong salat na kalagayan, lalabas Siya upang pamahalaan ang buong sitwasyon upang ipasok ang paghahari ng Kanyang kaharian–1 Sam. 1:3.

II. **"Ikaw, O [Jehovah], ay mamamalagi magpakailanman; / Ang Iyong trono ay mula sa salinlahi hanggang sa salinlahi"–Panag. 5:19:**

A. Sa bersikulo 19 si Jeremias, na binabago ang kanyang posisyon at anggulo mula sa kanyang sarili patungo sa Diyos, ay tumutukoy sa walang hanggang katauhan ng Diyos at sa di-nagbabagong pamahalaan.

B. Ang Herusalem ay ibinagsak, ang templo ay sinunog, at ang bayan ng Diyos ay tinangay, ngunit si Jehovah, ang Panginoon ng sansinukob, ay nananatili upang ipatupad ang Kanyang administrasyon.

C. Ang pariralang *Ikaw*, *O Jehovah, ay mamamalagi magpakailanman* ay nagpapahiwatig na ang Diyos ay walang hanggan at walang pagbabago sa Kanya–b. 19:

1. Ang Diyos ay nananatiling hindi mababago, hindi napapailalim sa anumang pagbabagong dulot ng anumang uri ng mga kapaligiran at mga kalagayan–Awit 90:2; Roma 16:25-26.
2. Sa pantaong kinasasaklawan ang mga pagbabago ay nagaganap sa bawat paraan, ngunit walang pagbabago sa walang hanggang katauhan ng Diyos; Siya ay nananatiling pareho magpakailanman.
3. Si Abraham ay "tumawag sa pangalan ni Jehovah, ang Walang Hanggang Diyos*"*–Gen. 21:33:
   a. Sa Hebreo ang *Walang Hanggang Diyos* ay *El Olam;* ang *El* ay nangangahulugang "ang Makapangyarihang Isa," at ang *Olam* ay nangangahulugang "walang hanggan" o "kawalang-hanggan" at nagmula sa Hebreong ugat na nangangahulugang "ikubli" o "itago."
   b. Ang dibinong titulong *El Olam* ay nagpapahiwatig ng buhay na walang hanggan–cf. Juan 1:1, 4.
   c. Sa pamamagitan ng pagtawag kay Jehovah, ang Walang Hanggang Makapangyarihang Isa, naranasan ni Abraham ang Diyos bilang magpakailanmang nabubuhay, lihim, mahiwagang Isa, na siyang ang buhay na walang hanggan.

D. Ang pariralang *ang Iyong trono ay nananatili mula sa salinlahi hanggang sa salinlahi* ay tumutukoy sa walang hanggan at di-nagbabagong pamahalaan ng Diyos—Panag. 5:19; Awit 45:6; 93:2; Apoc. 4:2-3.

1. Ang trono ng Diyos ay walang simula o katapusan; ang Kanyang trono ay umiiral mula sa salinlahi hanggang sa salinlahi.
2. Ang sinulat ni Jeremias sa katapusan ng Panaghoy hinggil sa walang hanggang katauhan ng Diyos at di-nagbabagong pamahalaan ay tiyak na dibino:
   a. Ang salita ni Jeremias tungkol sa walang hanggang katauhan ng Diyos at sa Kanyang trono ay isang matibay na tanda na sa pagsulat ng Panaghoy ay nahipo ni Jeremias ang ekonomiya ng Diyos.
   b. Lumabas siya sa kanyang mga pantaong damdamin, nahipo ang persona ng Diyos at ang trono ng Diyos, at pumasok tungo sa pagkadibino ng Diyos.

E. Sa Bagong Herusalem ang Diyos ay ganap na mahahayag sa Kanyang persona bilang ang walang hanggang Hari at sa Kanyang pamahalaan bilang ang Kanyang walang hanggan, di-

nayayanig na kaharian, ang mga ito ay kapwa ang di-nayayanig na pundasyon ng Kanyang pakikitungo sa Kanyang bayan–Heb. 12:28; Apoc. 22:3.

**III. "Ito'y dahil sa kagandahang-loob ni Jehovah na tayo ay hindi naubos; / Sapagkat ang Kanyang mga kahabagan ay hindi magmamaliw; / Sariwa ang mga iyon tuwing umaga; / Dakila ang Iyong katapatan"–Panag. 3:22-23:**

A. Nagpakita si Jehovah kay Jeremias, na nagsasabi, "Hinatak kita ng kagandahang-loob"–Jer. 31:3:
   1. Ang kagandahang-loob ni Jehovah ay mahalaga, walang hanggan, at mas mataas kaysa sa mga kalangitan at humahantong kay Kristo bilang ang batong panulok para sa pagtatayo ng Diyos–Awit 36:7, 9-10; 108:4; 118:1-4, 22-29; 136:1, 26.
   2. Nagsasabi ang Awit 103 ng kasaysayan ng Diyos sa Kanyang kagandahang-loob at mga kahabagan sa Kanyang pagpapatawad ng mga kasalanan, pagpapagaling, pagtutubos, at pangangalaga sa Kanyang bayan.
   3. Sinabi ng mang-aawit kay Jehovah, "Sa kasaganaan ng Iyong kagandahang-loob / Ako ay magtutungo sa Iyong bahay"–5:7:
      a. Sinumang may pribilehiyong pumasok sa templo sa Bundok Zion ay dapat mapailalim sa kagandahang-loob ng Diyos.
      b. Sa katunayan, ang pumasok sa templo ay isang katamasahan sa kasaganaan ng kagandahang-loob ng Diyos.
      c. Ang pagsasaalang-alang sa kagandahang-loob ng Diyos sa gitna ng Kanyang templo ay nagpapahiwatig na nahihipo natin ang Kanyang kagandahang-loob sa ekklesia.
   4. Ibinubunyag ng Awit 101 kung paanong si Kristo ay maghahari sa lupa na may kagandahang-loob at katarungan.

B. Ang bayan ng Israel ay nabigo, ngunit pinreserba ng mga kahabagan ng Diyos ang mga nalabi sa Israel para sa pagsasagawa ng Kanyang ekonomiya–Panag. 3:22-23:
   1. Ang kahabagan ay mas malalim, mas pino, at mas mayaman kaysa sa kaawaan–Roma 9:15; Awit 103:8.
   2. Ang kahabagan ay tumutukoy sa panloob na pagmamahal ng Diyos na nagmumula sa Kanyang mapagmahal na esensiya–2 Cor. 1:3; Sant. 5:11; Luc. 6:36.
   3. Dumating si Kristo sa lupa dahil sa mga maawaing kahabagan ng Diyos–1:78.
   4. Ang mga kahabagan ni Jehovah ay *"sariwa tuwing umaga"*–Panag. 3:23:
      a. Ipinahihiwatig sa bersikulo 23a na kinakaugnay ni Jeremias ang Panginoon bilang ang mahabaging Isa tuwing umaga.
      b. Sa pamamagitan ng kanyang pakikipag-ugnay sa Panginoon na natanggap niya ang salita hinggil sa kagandahang-loob, mga kahabagan, at katapatan ng Diyos.

C. Sinabi ni Jeremias kay Jehovah, "Dakila ang Iyong katapatan"–b. 23b:
   1. Ang mga kahabagan ng Diyos ay hindi nagmamaliw, sapagkat Siya ang Tapat na Isa–Awit 57:10.
   2. Ang Diyos ay tapat sa Kanyang sariling salita; hindi Niya maikakaila ang Kanyang sarili; hindi Niya maikakaila ang Kanyang kalikasan at ang Kanyang katauhan–2 Tim. 2:13.
   3. Sa Kanyang katapatan ay tinawag tayo ng Diyos tungo sa pakikisalamuha sa Kanyang Anak, at pananatilihin Niya tayo sa pakikilahok at pagtatamasang ito sa Kanyang katapatan–1 Cor. 1:9.

4. Ang tapat na Diyos na tumawag sa atin ang lubos na magpapabanal din sa atin at iingatang buo ang ating buong katauhan–1 Tes. 5:23-24.

**IV. "[Si Jehovah] ay aking bahagi, sabi ng aking kaluluwa; / Kaya't ako'y aasa sa Kanya"–Panag. 3:24:**

A. Ang salita ni Jeremias hinggil kay Jehovah sa pagiging ating bahagi at ang ating pag-asa sa Kanya ay nagdadala ng maka-Bagong Tipang panlasa–Col. 1:12, 27:

1. Natamasa ni Jeremias si Jehovah bilang kanyang bahagi, at umasa siya hindi sa kanyang sarili ni hindi sa anupamang bagay kundi kay Jehovah lamang–Panag. 3:24:
   a. Sa isang panig, natanto ni Jeremias na ang Diyos ay isang Diyos ng kagandahang-loob, na Siya ay mahabagin, at ang Kanyang salita ay tapat.
   b. Sa kabilang panig, natanto ni Jeremias na kailangan pa rin nating kaugnayin ang Panginoon tuwing umaga, ilagak ang ating buong pag-asa sa Kanya, maghintay sa Kanya, at tumawag sa Kanyang pangalan–bb. 23-25, 55.
2. Nang ang mang-aawit ay pumasok sa santuwaryo ng Diyos at nagkaroon ng isang dibinong pananaw at pagkakita sa kanyang sitwasyon, nasabi niya na ang Diyos ang kanyang bahagi magpakailanman–Awit 73:17, 26:
   a. Sa santuwaryo ng Diyos ang mang-aawit ay tinagubilinan na kunin lamang ang Diyos Mismo bilang kanyang bahagi, hindi ang anumang bagay maliban sa Diyos–b. 26.
   b. Ang intensiyon ng Diyos sa Kanyang mga tagahanap ay yaong masumpungan nila ang lahat ng bagay sa loob Niya at hindi magambala mula sa ganap na pagtatamasa sa Kanyang sarili.

B. "[Si Jehovah] ay mabuti sa mga naghihintay sa Kanya, / Sa kaluluwa na naghahanap sa Kanya"–Panag. 3:25:

1. Bagama't ang Diyos ay totoo, buháy, mahabagin, at tapat, upang subukin ang Kanyang bayan, madalas Niyang inaantala ang pagtupad sa Kanyang salita–Awit 27:14, 130:6; Isa. 8:17; 30:18; 64:4.
2. Ang maghintay sa walang hanggang Diyos ay nangangahulugang tinatapos natin ang ating sarili; yaon ay, itinitigil ang ating sarili sa ating pamumuhay, ating paggawa, at ating aktibidad at tanggapin ang Diyos sa loob ni Kristo bilang ating buhay, ating persona, at ating panghalili–40:28, 31:
   a. Kailangan nating matutuhan ang aralin ng paghihintay sa Panginoon–30:18.
   b. Ngayon ay hindi panahon ng sukdulang kaganapan; samakatwid, kailangan nating maghintay sa Panginoon–64:4.
3. Habang naghihintay tayo sa Panginoon, dapat nating hanapin Siya at tumawag sa Kanya:
   a. "Hahanapin ninyo Ako at matatagpuan Ako kung hahanapin ninyo Ako ng inyong buong puso"–Jer. 29:13.
   b. "Tumawag ka sa Akin, at Ako'y sasagot sa iyo at magsasabi sa iyo ng mga dakila at mga nakatagong bagay na hindi mo nalalaman"–33:3.

*© 2020 Living Stream Ministry*